Mga Karapatan ng Kalahok sa MSSP

Maligayang pagdating sa Multipurpose Senior Services Program (Programa ng mga Serbisyo sa Matatanda na may Maraming Layunin, MSSP). Layunin ng aming mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga ang iwasan o ipaantala ang pagtatalaga sa nursing facility para sa aming mga kalahok. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagsasaayos at pagsubaybay sa iba't ibang serbisyong sumusuporta na makukuha sa komunidad.

Ang iyong tagapamahala ng pangangalaga ay makikipagtulungan sa iyo upang tukuyin ang iyong mga lakas, mapagkukunan, priyoridad, interes, at pangangailangan. Magkakaroon ka ng pormal na pagtatasa sa iyong sitwasyon nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon, kung saan bubuuin ang isang plano para sa iyong mga serbisyo, na tinatawag na plano ng pangangalaga. Sa pagsasaayos ng mga serbisyo para sa iyo, kailangan munang tasahin at gamitin ng iyong tagapamahala ng pangangalaga ang tulong na makukuha sa pamamagitan ng iyong pamilya at mga kaibigan; susunod na priyoridad ang mga programang makukuha sa komunidad. Kung may nananatiling pangangailangan para sa mga karagdagang serbisyo kapag naubos na ang mga mapagkukunang iyon, maaaring makabili ang MSSP ng ilang serbisyo para sa iyo. Ang mga serbisyong maaaring makuha sa pamamagitan ng MSSP ay kinabibilangan ng: Pangangalaga sa Araw para sa Nasa Hustong Gulang, Maliit na Pagkumpuni/Pagmementina sa Tahanan, Karagdagang Taga-ayos sa Bahay at Personal na Pangangalaga at Pumuprotektang Pangangalaga, Pamamahala ng Pangangalaga, Pahinga ng Tagapag-alaga, Transportasyon, mga Serbisyo sa Pagkain, at mga Serbisyo sa Komunikasyon.

Parehong ikaw at ang iyong tagapamahala ng pangangalaga ang may mga responsibilidad sa MSSP.

Responsibilidad mong:

- Magbigay ng impormasyong kailangan para sa pagbuo ng iyong mga plano ng pangangalaga
- Makipagtulungan sa iyong tagapamahala ng pangangalaga at sa iba pang mga tagapagkaloob ng mga serbisyong natatanggap mo
- Pumayag at magkaroon ng kakayahang makipagtulungan sa mga kinakailangan ng programa, kabilang ang mga kinakailangang taunang pagbisita sa bahay ng Nars at Social Work Care Manager
- Makipag-ugnayan sa iyong tagapamahala ng pangangalaga (hindi bababa sa buwanan sa pamamagitan ng telepono at kada tatlong buwan nang harapan o sa pamamagitan ng telehealth sa lugar kung saan ka nakatira) tungkol sa anumang mga isyu o alalahanin kapag nagkaroon ng mga ito, kasama ang mga aspeto ng pangangailangan na tinukoy sa iyong plano ng pangangalaga.

Responsibilidad ng iyong tagapamahala ng pangangalaga na:

- Ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan at responsibilidad, kabilang ang iyong mga karapatan na:
    - Tanggihan ang serbisyo
    - Piliin ang mga serbisyo at provider na tinukoy sa iyong plano sa pangangalaga
    - Piliin ang lokasyon, oras (sa loob ng oras na bukas ang tanggapan) at paraan kung paano isasagawa ang iyong **buwanang** pakikipag-ugnayan

  - Piliin kung ang pakikipag-ugnayan **kada tatlong buwan** ay sa personal o sa pamamagitan ng telehealth, kung walang isyu sa kalusugan o kaligtasan na mangangailangan ng pagbisita sa bahay
  - Patugunin ang anumang reklamo o karaingan ng aming lokal na tanggapan
  - Maghain ng kahilingan para sa Patas na Pagdinig ng Estado para sa Medi-Cal anumang oras kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang desisyon na ginawa ng aming programa
- Pag-ugnay-ugnayin ang mga serbisyong tinukoy sa iyong plano ng pangangalaga
- Magbigay ng pagpapayo at gabay
- Ipaalam sa iyo bago ang anumang malalaking pagbabago na nakakaapekto sa iyong plano ng pangangalaga, kabilang ang pagsasara ng kaso
- Panatilihing kumpidensyal ang iyong impormasyon

Layunin naming maghatid ng mataas na kalidad ng mga serbisyo na nakakatugon sa iyong mga inaasahan. Gayunpaman, kung mayroon kang reklamo, tanong, o kung hindi ka nasisiyahan sa aming mga desisyon o serbisyo, mangyaring talakayin ito sa iyong tagapamahala ng pangangalaga. Kung hindi mo maresolba ang problemang ito kasama ang iyong tagapamahala ng pangangalaga, maaari kang humiling ng pagpupulong sa superbisor ng iyong tagapamahala ng pangangalaga na si _____ sa numero ng telepono na _____.

Maaari kang magsama ng miyembro ng pamilya o kinatawan sa anumang oras upang makipagpulong sa aming kawani ng programa.

Naging karanasan namin na karamihan sa mga tanong ay maaaring malutas sa antas ng lokal na programa. Gayunpaman, may karapatan kang magpasimula ng kahilingan para sa isang pormal na Medi-Cal State Fair Hearing sa anumang oras.

Ang pinakamahusay na paraan para humiling ng pagdinig ay punan ang impormasyon sa kalakip na form at ipadala ito sa:

Koreo: **California Department of Social Services**
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 21-37
Sacramento, CA 94244-2430

Fax: **(833) 281-0905**

Email: **SHDCSU@DSS.ca.gov**

Online: **acms.dss.ca.gov**

I-click ang “Create an account” (“Gumawa ng account”) para magkaroon ng ACMS account at makakuha ng mga dokumento online; o i-click ang “Submit Appeal without Account” (“Magsumite ng Apela nang walang Account”) para maghain nang walang account

Maaari ka ring humiling ng pagdinig sa pamamagitan ng pagtawag sa Public Inquiry and Response Unit sa:

Walang Bayad na Numero: **1-800-952-5253**
TDD para sa Hindi Nakakarinig: **1-800-952-8349**